www.kidworship.kr

# Ang Talinghaga tungkol sa Tatlong Alipin

- 10th Story-



62Page

**NAR** Noong unang panahon May isang taong papunta sa malayong lugar. Kaya tinawag niya ang kanyang mga alipin at ipinagkatiwala sa kanila ang pera niya.

**Master** Bibigyan ko ang bawat isa sa inyo ng bahagi ng pera ko; kayo ang bahalang magnegosyo gamit ang pera habang ako'y nasa malayo.

**NAR** Binigyan niya ang isa ng 5,000, ang isa naman ay 2,000, at sa isa pa ay 1,000

**Master** Ayan, Binigyan ko ang bawat isa sa inyo ayon sa kakayahang ninyong magnegosyo. Ngayon galingan ninyo ang pagnenegosyo.

**NAR** Ang amo ay nagpaalam sa kanyang mga alipin at tumuloy na sa kanyang paglalakbay.



63Page

**NAR** Nang makaalis na ang amo, ang una at ikalawang alipin ay sabay na ikinalakal ang kanilang pera. Naniniwala silang pareho na kung magtatrabaho sila nang husto ay matutuwa ang kanilang amo.

**NAR** Ang alipin na binigyan ng 5,000 ay kaagad na umalis at ginamit sa negosyo ang pera.

**NAR** Ganoon din ang ginawa ng alipin na binigyan ng 2,000. . Isang araw, dalawang araw, isang buwan, dalawang buwan ... sa paglipas ng oras, inani nila ang bunga ng kanilang pagsusumikap. Ang unang lingkod na nakatanggap ng 5,000 ay tumubo ng 5,000 pa, ang ikalawang lingkod na nakatanggap ng 2,000 ay tumubo ng 2000 pa. Ngunit paano naman ang pangatlo?



64Page

**NAR** Pagkalipas ng mahabang panahon, bumalik ang amo nila at ipinatawag sila upang magbalita tungkol sa perang ipinagkatiwala sa kanila. Lumapit ang alipin na nakatanggap ng 5,000 at sinabi,

**Servant 1** 'Heto po ang 5,000 na ibinigay n'yo sa akin, at ang karagdagang 5,000 na tinubo ko.

**Master** Sumagot ang amo niya, 'Magaling! Isa kang mabuti at tapat na alipin! At dahil naging matapat ka sa kakaunting ipinagkatiwala sa iyo, ipapamahala ko sa iyo ang mas malaki pang halaga. Halika't makibahagi sa aking kaligayahan!'

**NAR** Pagkatapos, lumapit naman ang alipin na binigyan ng 2,000 at sinabi niya,

Servant 2 ‘Heto po ang 2,000 na ibinigay n’yo sa akin, at ang karagdagang 2,000 na tinubo ko.’

Master Magaling, mabuti at tapat na lingkod! Ikaw ay tapat sa iilang mga bagay; ngayon ipagkakatiwala ko sayo ang maraming mga bagay. Halika at makibahagi ka sa aking pagdiriwang!


65Page

N A R Lumapit din ang alipin na binigyan ng 1,000 at sinabi sa kanyang amo,

Servant 3 ‘Alam ko pong mabagsik kayo at walang awa. Inaani ninyo ang hindi ninyo itinanim, at kinukuha ninyo ang pinaghirapan ng iba. 25Natakot po ako kaya ibinaon ko ang pera n’yo sa lupa. Heto po ang 1,000 na ib–inigay n’yo sa akin.’

N A R Ang kanyang amo ay nagalit:

Master ‘Masama at tamad na alipin! Alam mo palang inaani ko ang hindi ko iti–nanim, at kinukuha ko ang pinaghirapan ng iba. Bakit hindi mo na lang idineposito sa bangko ang pera ko para sa pagbalik ko ay may makuha akong interes?’ ‘Kunin ninyo sa kanya ang 1,000 at ibigay sa mayroong 10,000. Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa ng mas marami, ngunit ang wala, kahit ang kaunting nasa kanya ay kukunin pa. 30Itapon ninyo ang walang silbing alipin na iyan sa kadiliman sa labas. Doon ay iiyak siya at magngangalit ang kanyang ngipin.’ ”


66Page

N A R Ang mga alipin na ginamit ang ipinagkatiwala sa kanila at nagtrabaho nang husto ay magalak na nakibahagi sa kaligayahan ng kanilang amo; ngunit ang tamad na alipin na hindi man lang sumubok ay itinapon na umiiyak.